

Pagsusuring Leksikal sa E-Tabloid na Abante Tonight Gamit ang Varayti at Gamit ng Wika Tungo sa Pagbuo ng Gabay at Glosaryo ng mga Salita na Magagamit sa Pamamahayag Pangkampu

Ofelia B. Bellen, LPT, MA ¹, Neogabriel B. Cagadas, LPT, MA-LLI, CRS ²

1 – Pitogo High School, Makati City

2 – Don Bosco Technical Institute of Makati, Makati City

Publication Date: July 31, 2025

DOI: 10.5281/zenodo.16948312

Abstract

Mahalagang bigyang emphasis ang wika sa paglilining ng pagsusulat lalo't higit sa journalism na isinusulat sa pahayagang pampapel. Para sa pag-aaral na ito, ang pokus ay pagkakaalam sa varayti ng wika na ginagamit sa Abante Tonight bilang pinagmulan ng datos. Aalamin din ang gamit ng wika ayon sa teorya ni Halliday. Mula sa mga ito, isang gabay at glosaryo ng mga salita na magagamit sa pahayagang pangkampus ang nabuo. Gumamit ang pag-aaral ng embedded mixed method

research design kung saan naka-angkla ang kwantitatibo (deskriptib research design) sa kwalitatibo (content analysis). Napag-alaman sa pananaliksik na ito na madalas na ginagamit ang Jargon o Asmiliadong Filipino sa mga pag-uulo ng balita. Higit ding makikita ang instrumental bilang gamit ng wika sa mga ulo ng mga balitang ito. Mula sa pinagsasama samang impormasyon, nakabuo ang mga mananaliksik ng isang gabay at glosaryo ng mga salita para sa mga mamamahayag na pangkampus..

Keywords: *Pagsusuring Leksikal (Lexical Analysis), Varayti ng Wika (Language Variety), Gamit ng Wika (Language Functions), E-Tabloid (E-Tabloid), Abante Tonight, Pamuhatan / Ulo ng Balita (Headline), Gabay sa Pamamahayag*

PANIMULA

Ang wika ay landas ng kaisahan, pag-unlad, sandata tungo sa pagkakaisa at kapayapaan (Arrogante, 2018). Sa pamamagitan nito, nabubuo ang pagkakaisa ng mga tao at nagdudulot ito ng kapayapaan sa isang lipunan. Nagkakaroon ng pagkakaisa ang mga mamamayan ng dahil dito sapagkat nagiging instrumento o kagamitan ito upang magkaunawaan ang bawat isa. Ibig sabihin, mahalagang ganap na maunawaan ng bawat isa ang kanilang kausap o maging ang kanilang mga binabasa upang maging matagumpay ang komunikasyon at pakikipagtalastasan. Ito man ay maituturing na makapangyarihan sapagkat nakasalalay

pa rin ito sa tagapagsalita at mga gumagamit nito. Ayon kina Abad at Ruedas (2018), ang wika ay maihahalintulad sa tubig. Ang wangis ng tubig ay kung ano ang hugis ng kinalalagyan nito. Ang imbakan nito ay ang bayan maging ang mga taong tagapagsalita nito. Kung wala ito, sa papaanong pamamaraan kaya magkakaunawaan ang mga tao. Ito ay sining ng komunikasyon (Villafuerte, 2019).

Ang wika ay nagsisilbing instrumento ng tao tungo sa kaniyang mabisang interaksyon sa kapwa. Lubos na mahalaga ito dahil naisasagawa ng taong malinang o madebelop ang kaniyang kakayahan sa pagtanggap ng kaalaman sa kaniyang paligid. Sa pamamagitan nito ay nagagawa rin niyang malayang maipabatid ang kaniyang layon at mithiin.

Malaki ang gampanin ng wika sa pagpapayabong ng karunungan't kaalaman sa isang bayan. Nagiging mekanismo ito ng pag-unlad kaya't nararapat lamang na ito ay mapanghawakan at magamit nang may kawastuhan ng mga lipi ng taong nakatira sa isang bansa.

Malaki ang ambag ng mga pahayagan sa lipunang Pilipino noon hanggang ngayon. Ito ay ang nakalimbag na midya na ang pangunahing hangarain ay maipabatid ang mga balita at impormasyon sa tao (Ila, 2016). Isa ito sa mga maituturing na kinagigiliwang basahin ng mga tao upang magkaroon ng kabatiran sa politika, mga nangyayari sa bansa at internasyunal, sa mundo ng showbiz, sa larangan ng pampalakasan at hinggil sa mga kriminalidad na nagaganap dito maging sa labas ng bansa. Malaki ang ambag nito sa pagpapabatid ng samu't saring mahalaga at napapanahong balita sa iba't ibang antas ng mga mambabasa. Maraming napapanahon at makabuluhang datos na nakatala sa mga pahayagan. Maituturing na pangunahing sanhi na madaling nauunawaan ang mga nakatala dito ay dahil malawak ang pagsusuri sa isyu sa pamamagitan ng wikang lubos na naiintindihan – ang Filipino. Malaking elemento ang wika, wastong padron maging ang estilo't pamamaraan ng pagsulat ng balita upang mabisa itong tanggapin ng mga tao.

Dahil dito, naging kasangkapan ng mananaliksik ang ideyang ito upang bumuo ng isang pananaliksik na magbibigay daan upang tignan ang mga piling e-tabloid sa bansa na gumagamit ng varayti ng wika sa pag-uulo ng balita. Ito ay makakatulong sa mga mambabasa lalo't higit sa mga batang manunulat ng mga balita at mga gurong tagapayo ng pag-uulo ng balita.

Naging batayan din ng pag-aaral ang modelo ni Torres-Rada (2007) na mayroong categoryang: a. Filipino; b. Balbal; at c. Jargon. Sa modelong ito, binabanggit na ginagabayan ng mga panuntunan at pamantayang pangwika ang isang lipunan. Isa sa mga pamantayan nito ay ang paggamit ng wika kaugnay ng pangangailan ng isang lipunan. Kaugnay rin nito ang iba't ibang panuntunan na ginagamit sa iba't ibang anyo ng panitikan. Dito, naipapakita na ang indibidwal ay may kakanyahang magamit ang wika sa pamamaraang malikhaing – pasalita at pasulat man kaya may kakayahayan ang tao na makalikha ng mga bagong termino o varayti ng wika. Nakapaloob din dito ang panuntunan panligguwistika tulad ng paggamit ng bantas, pagbabago ng baybay batay sa tradisyunal at makabagong pamamaraan, pag-iiba at pagdaragdag ng pagpapakahulugan sa salita.

May malaking epekto ang print media tulad ng tabloid, na mapabago at maiayos ang pag-iisip ng mga indibidwal. May kakayahan itong isaayos ang kaisipan kaugnay sa mundo. Sa madaling salita, ang print media ay maaaring hindi maging matagumpay sa pagsasabi sa kung ano ang dapat isipin, ngunit ito ay sobrang matagumpay sa pagsasabi sa kung ano ang dapat pag-isipan. Kaya mahalagang isaalang-alang ang varayti ng wikang Filipino na ginagamit sa mga tabloid sa bansa dahil malaki ang magiging impluwensiya nito sa mga makakabasa nito. Mahalagang maunawaan kung bakit iyon ang nais sabihin sa pamamagitan ng maayos na varayti.

Mahalaga ang ganitong pananaw sa pag-aaral ng varayti ng wika dahil kabilang ito sa kung papaano ang paggamit ng wika na nakabatay sa paniniwalang mas superyor ang ibang varayti ng wika kaysa sa iba depende sa katayuan sa lipunang ng taong gumagamit nito.

Bukod dito, naka-angkla din ang pag-aaral na ito sa teorya ni Michael Halliday patungkol sa mga gamit ng wika. Si Michael Halliday, isang kilalang linguist, ay nagmungkahi ng isang functional na diskarte sa wika na kilala bilang Systemic Functional Linguistics (SFL). Noong 1987, inilathala ni Halliday ang kanyang 'pitong gamit ng wika', na naglalarawan sa paraan ng paggamit ng mga bata o manunulat sa wika, na tinutukoy ang mga ito bilang 'developmental functions' o 'micro functions'. Ang pitong function ng wika ni Halliday: instrumental, personal, regulatory, interaksyonal, imahinatibo, representasyunal, at heuristiko. Gamit ito, makikita kung paano nagbabago ang paggamit ng wika sa mga e-tabloid. Ang mga sumusunod na gamit ay naglalarawan kung paano nakukuha at ginagamit ng mga bata ang wika. Ang unang apat sa mga tungkulin ni Halliday ay nauugnay sa kung paano natutugunan ang panlipunan, emosyonal, at pisikal na mga pangangailangan ng mga bata sa pamamagitan ng wika.

Ang pangkalahatang layon sa pag-aaral ay malaman ang mga varayti ng wikang Filipino na nagagamit ng mga ulo ng balita sa E-Tabloid. Ang pag-aaral na ito ay may layuning matugunan ang sumusunod na tanong: (1) Ano ang mga varayti ng wika na nagagamit ng mga ulo ng balita sa E-Tabloid ayon sa sumusunod: Tagalog, Balbal na Salita, at Jargon; (2) Paano ginagamit ang wika sa mga piling e-tabloid batay sa sumusunod: Instrumental, Regulatory, Representasyunal, Interaktibo, Personal, Heuristiko, at Imahinatibo; (3) Ano ang mungkahing glosaryo at gabay sa pag-uulo ng balita mula sa mga nakalap na datos?

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pag-aaral

Napiling gabayan ng disenyong Embedded Mixed Method. Ito ay uri ng pananaliksik na kaugnay sa maayos at espisipikong pagbibigay ng palagay (Creswell, 2019). Ito ay naglalayong ianalisa at ipaliwanag ang isang tiyak na pangyayari sa kasalukuyang sitwasyon. Madaming tiyak na uri ang nakapaloob sa kwalitatibo at kwantitatibo. Isa na rito ang deskriptibo o palarawan na naging batayan sa pagbuo nito. Ito ay naglalayong maglarawan at magbigay pakahulugan. Ayon naman kay Travers (2018), ito ay may hangaring makakalap at makalikom ng mahahalagang datos at detalye tungkol sa umiiral na kalagayan at siyasatin ang mga sanhi ng umiiral na penomena. Sa pananaw naman ni Fraenkel at Wallen (2004), ito ay kaugnay sa pagdiskubre sa mga ugnayan o sitwasyon ng isang tiyak na penomena. Sa kabilang dako, ayon kay Ary (2018), ito ay kumakalap ng mga impormasyon sa pamamagitan ng mga kagamitan tulad ng sarbey at pakikipanayam mula sa grupo ng tao o sa isang indibidwal. Dagdag ni Creswell (2019) na ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik ay karaniwang kinapapalooban ng pagtatala, paglalarawan, pagpapakahulugan, pagsusuri at paggamit. Ito ay kadalasang binubuo ng mga panayam, obserbasyon at pagsasagawa ng sarbey. Ang mga pangyayari sa pag-aaral na ginamitan ng palarawang pananaliksik ay kinapapalooban ng pagtatala, paglalarawan, pagpapakahulugan, pagsusuri at paghahambing. Nais ilarawan at bigyang-kahulugan ang varayti ng wikang Filipino sa piling ulo ng balita sa mga piling e-tabloid.

Mula sa kwalitatibong disenyo, ang mananaliksik ay gagamit ng Pagtatasang Nilalaman (Content Analysis). Ayon kay Kieng (2018), ito ay isang paraan ng pananaliksik para sa pag-aaral ng mga dokumento at mga tala ng komunikasyon. Ang mga talang ito ay maaaring mga teksto ng iba't ibang mga pormularyo, mga larawan, tunog at bidyo. Inangkop din ni Kieng (2018) ang mga direksyong kailangang makita sa pagtatasa ng nilalaman ayon kay Krippendorff (2018). Ang mga konsiderasyon na ito ay: (1) Pagtutukoy sa mga datos na napili, (2) Paraan ng pagtutukoy ng mga datos, (3) Mga pinanggalingang populasyon ng mga datos na

nakalap, (4) Mga kaugnay na kontekstong nakapaloob sa mga kategorya ng mga datos, (5) Limitasyon ng pagtatasa ng nilalaman, at (6) Ang mga dapat sukatin at i-kategorya na mga datos.

Paraan ng Pagsasagawa at Pangangalap ng Datos

Malaki ang naging gampanin ng mga pangunahing e-tabloid sa bansa upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito sapagkat ito ang pangunahing hangan ng datos na gagamitin ng mananaliksik. Kinuha ang mga nasabing ulo ng balita sa mga piling Abante Tonite e-tabloid sa Pilipinas sa taong Disyembre 2020 hanggang Enero 2021.

Ang dahilan ng pagkuha ng datos na ito ay dahil na isyu sa taong 2020-2021, ang buwan ng Disyembre at Enero ay hudyat ng pagtatapos at pagpapalit ng taon. Dito ay upang makita ang mga balitang nangyari sa pagtatapos ng taong 2020. Ang Disyembre ay panahon din ng Kapaskuhan at paglaganap ng virus na COVID-19. Dahil dito, maaaring makaapekto ito sa dami ng mga naapektuhan ng pandemya sa susunod na taon.

Bukod dito, gagamitin din ang Likert Scale sa pagtingin ng gamit ng wika. Titignan ang Instrumental, Regulatory, Representasyunal, Interaktibo, Personal, Heuristiko, at Imahinatibo ng gamit ng wika.

Matapos dito, ang mga datos ay gagamitin upang makagawa ng isang glosaryo at gabay sa pag-uulo ng mga balita. Ito ay ang magsisilbing awtput ng pag-aaral na nakatuon sa pagtulong ng mga mag-aaral sa pamamahayag na pang-kampus.

Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng statistical treatment na mean. Ang ibig sabihin ay ang average ng mga ibinigay na numero at kinakalkula sa pamamagitan ng paghahati ng kabuuan ng mga ibinigay na numero sa kabuuang bilang ng mga numero ng populasyon.

RESULTA

Masasabi na mahalaga ang gampanin ng e-tabloid sa ating lipunan sapagkat nakapaglalalahad ito ng mga napapanahong impormasyon. Makikitaan ito ng pagsusumikap na makapagbahagi ng mga balita na may kinalaman sa bansa maging sa pang-internasyunal. Ito ay isa sa pinakatanyag na behikulo para makapaghatid ng mga pangyayari sa paligid, sitwasyong pang-ekonomiya ng bansa, sa politika, sa mundo ng mga aktor at aktres, at iba pang mga larangan. Ibig sabihin, ang mga ulo ng balita sa e-tabloid ang siyang nagbibigay ng paunang sulyap sa kung ano ang lalamanin ng iba't ibang balita. Kaya nararapat lamang na may matibay na panuntunan na sinusunod sa pagbuo ng mga ito lalo na sa bahagi ng wika.

Ang pahayagan ang isa sa mga masusing iwinawasto bago tuluyang ilimbag sa publiko. Araw-araw ay nagpapalit ito ng edisyon. May bagong balita at impormasyon ang muling ilimbag. Mabilisang pagrerebisa pero nangangailangan ng masusing proseso. Ang mga manunulat nito ay gumagamit ng mga salitang dipormal upang makuha ang pansin ng mga mambabasa. Bagamat ang layunin ng paggamit ng salitang balbal ay upang makaengganyo ng mamimili, may mga pagkakataon na nawawala na ang tamang paggamit ng wika basta makakuha ng atensyon sa madla. Ginagawa rin ito bilang pamuno sa mga akmang salita na marahil ay hindi naaalala dahil sa bilis ng oras ng pagpapasa ng mga gawa bunsod ng uri ng kanilang trabaho mayroon sila.

Kaya naman, sa pag-analisa ng mananaliksik ang mga ulo ng balita ayon sa varayti ng wika: Tagalog, Jargon (gamit ang Asimiladong Filipino o Filipino-Ingles), at Balbal. Pagdating sa aspetong ito, makikitang higit na dominante ang paggamit ng Filipino-Ingles na madalas ginagamit ng mga pahayagang e-

tabloid. Ito ay bunga ng paghihiram ng mga salitang banyaga o gumagamit ng code switching. Habang pumapangalawa naman ang paggamit ng Purong Tagalog o ang paggamit ng sariling bokabularyo o salita ng mga wikang Filipino. Sa pagtitipon ng mga salita, kakaunti naman ang Balbal bilang varayti ng wika ang naggamit. Sa pag-analisa, dalawa o isa lamang na beses ang paggamit nito. Samakatwid, binibigyang diin ng resulta na nakalalamang ang paggamit ng Asimiladong Filipino sa ulo ng balita bilang varayti ng wikang inililimbag sa mga pahayagan.

Makikita sa resulta ng pag-aaral na malaki ang tungkulin ng varayti ng wika ayon sa leksikal na pahayag ayon sa padron sa mga nabuong ulo ng mga balita. Kung babalikan ang layunin ng pag-aaral, may tatlong bagay na nais tumbukin: (a) Matukoy ang varayti ng wika na nagagamit ng mga ulo ng balita sa E-Tabloid; (b) Masuri ang Gamit ng Wika ayon sa mga batayang binanggit ni Halliday at (c) Makabuo ng mungkahing gabay at glosaryo sa paggamit ng wika sa pagbuo ng mga ulo ng balita sa E-tabloid.

Nakita sa analisisyon na ang gamit ng wika ay instrumental. Base sa analisisyon, ang mga ulo ng balita ay may tonong pag-uutos sa mga gamit ng wika. Ito ay nagiging instrumento, sa paraan ng pag-uutos, upang magamit sa pamamaraan ng pakikipag-usap o pag-uutos. Nagagamit din ito para tukuyin ang mga preperensiya, kagustuhan, at pagpapasiya ng tagapagsalita. Maari din itong magamit sa paglutas ng problema, pangangalap ng materyales, pagsasadula at panghihikayat. Mula dito, nabuo ang Gabay at Glosaryo Paggamit ng Wika sa pagbuo ng mga Ulo ng Balita

DISKUSYON

Ayon sa resulta ng pag-aaral, makikitang ang mga varayti ng wika ayon na ginamit ng mga pahayagan sa pagsusulat ng kanilang ulo ng mga balita ay gumagamit ng mga Leksikal na Pahayag. Ang mga pahayagang pinag-aaralan ay gumagamit ng mga banyagang salita sa kanilang mga ulo ng balita. Ito ay ang paggamit ng code switching at code mixing. Ayon sa pag-aaral nina Arceo at Cruz noong 2013, ang paggamit ng code-switching pasalita man o pasulat ay magiging natural na paggamit na sa mga balangkas ng wikang Pilipino pati na rin sa mga ulo ng balita. Bukod sa mabilis itong gamitin, ito ay natural na naiintindihan agad ng mga mambabasa. Ayon pa sa kanila, mas maikli ang mga ulo ng balita kung ginagamitan ng mga ganitong varayti ng wika.

Ayon naman kay Ginete (2019), ang balarilang Pilipino ay kailangang nasasanay na gamitin sa paguulo ng balita dahil nasasalamang sa mga manunulat ang pagiging Filipino. Ang argumentong ito ay nagpapalalim na may mga salitang Filipino na pwedeng gamitin upang mas magamit ang wikang pambansa kaysa mga wikang banyaga. Ito ay pinangalawahan din ni Santos (2022), na ang paggamit ng wikang Filipino ay nagbibigay ng daan sa pagkakapormal ng ulo ng balita na siya naman talagang dapat na pormal. Subalit, may mga pagkakataon, at kung hindi maiiwasan, na ang mga wikang banyaga sa pag-uulo ng balita ay para lamang sa mga salitang walang katumbas sa wikang Filipino.

Dahil higit na nakalalamang ang paggamit ng Jargon ayon sa Filipino-Ingles o Asimiladong-Filipino, ang varayti na ito ng wika ay bunga ng panghihiram o paglalapat ng ganap sa isang salitang banyaga, sa konteksto ng pag-aaral na ito ay ang wikang Ingles, at nilalapatan ng sistema ng pagbaybay sa wikang Filipino o maaari din namang paglalapi at paggamit ng orihinal na baybay ng salitang hiram.

Mula sa mga ito, ang layuning magbigay ng mungkahi ay sumesentro sa paggamit ng mga varayti ng wika upang makalimbag ng ulo ng balita na inililimbag sa mga e-tabloid na pahayagan. Naging daan ito sa pagbuo ng mga bagong sangguniang pang-agham at iba pang kaalaman na nagkakaiba-iba batay sa mga pinagkunan, layunin, at iba pang mga salik (Soegoto at Tjokroadiponto, 2018). Sa paglipas ng panahon, mas abot-kamay na ang paggamit ng Internet. Bata man o matanda ay tiyak na nahuhumaling dito at hindi

ito nawawala pagdating sa tahanan ng mga kabilang sa gitna at mataas na antas ng lipunan (Espenida at Villaflores, 2019). Kaya mahalagang makita ang mga alituntunin sa pagbuo ng mga ulo ng balita.

Makikita na lubusang nagamit ang representasyunal na gamit ng wika sa pag-uulo ng balita. Ang ibang gamit din naman ay nagamit ngunit ito ay bahagyang nagamit lamang gaya ng instrumental, heuristiko at regulatori. Sa kabilang banda, hindi naman nagagamit ang personal, imahinatibo at interaksyonal. Ang mga ito ay maari din namang magamit subalit hindi sa pagsusulat ng headline na pang-balita. Ito ay maaring malimbag sa lathalain, entertainment, o pagsulat ng kwento.

Sa kabuoan, kinakailangan na magkaroon pa ng mga pag-aaral kaugnay ng diyaryo at pahayagan sa ating bansa upang maging masigla pa rin ang kalakaran nito. Ang tuntunin na nakapaloob sa pagaaral ay sumasalamin sa paggamit ng wika, pagkilala sa mga mambabasa upang malaman ang varayti ng wikang gagamitin at ang reaksiyon na dapat maranasan ng mga mambabasa sa pagkakataong mabasa nila ang mga tuntuning ito. Ayon kay Saclauso (2020), ang paglinang ng mga tuntunin sa pag-uulo ng balita ay hindi lamang sanggunian ng nilalaman, ito ay ang pantulong sa mga nagsisimulang manunulat upang maging reperensya nila sa pagtamo ng maayos at epektibong pag-uulo.

Dagda pa ni Lusterio (2020), ang ulo ng balita ang pinakaunang babasahin ng mambabasa. Mula dito, magdedesisyon sila kung dapat ba nilang basahin ang nilalaman o hindi. Kaya naman, mahalagang mabigyan ng karampatang tuntunin ang ulo ng balita sa pagkat ito ay magsisilbing gabay ng mga mambabasa sa pagtapos ng buong balita.

KONKLUSYON

Napatunayan ng pag-aaral na ito na ang varayti ng wika na ginagamit sa Tagalog, Jargon (batay sa Filipino-Ingles o Asimiladong Filipino) at Balbal. Natagpuan at napag-alaman ng pag-aaral na ito na palagi ang ginagamit ang Jargon (Filipino-Ingles o Asimiladong Filipino) sa mga ulo ng balita na nakalap sa pahayagang Abante Tonite. May mga ginamit din namang Purong Tagalog subalit higit na mas madami pa din ang Filipino-Ingles o mga Jargon. Kabilang dito ay ang manaka-nakang paggamit ng Balbal bilang varayti ng wika. Ngunit, malimit lamang itong isinasama sa mga ulo ng balita.

Kaya naman, sa pagkakagamit ng mga asimiladong Filipinong salita, na may ibig sabihing mas malaki ang impluwensiya ng mga banyagang salita sa pagkakasulat ng mga ulo ng balita ng mga manunulat. Dahil din dito, napag-alamang nananig ang sariling preperensiya o kagustuhan ng mga manunulat ng mga balita partikular na sa kanilang mga headline sa leksikal at morpolohikal na paghihiram ng mga salitang banyaga. Kaya naman, napatunayan ng pag-aaral na bagama't mas madali at mas maganda ito para sa mga manunulat ay dapat na mas gamitin ang wikang Filipino o paggamit ng Tagalog sa pagkakasulat ng mga ulo ng balita. Ito ay higit na nagpapakita ng mas pormal na atake sa pagkakasulat ng mga ulo ng balita at may kaukulang pagsimbuyong pagka-Filipino sa wikang pagkakakilanlan ng mga mambabasa.

Dahil sa mga ito, natuklasan din na mahalaga ang paghahalo ng salita – Filipino at Ingles. Ito ay tinatawag ding code-mixing. Makikita din na ang paggamit ng salitang Ingles na natural na ginamit sa pag-uulo ng balita kung saang matatawag na code switching. Sa paggamit nito, madaling naibibigay ang mensahe ng balita sa paraang kontekstwalisado. Bukod sa mga salitang walang katumbas na salita sa wikang Filipino, may mga salitang ginagamit pa rin upang mas maging kontekstwal sa layunin ng balita. Ngunit, isa sa mga kongklusyon ay ang pagpapatibay ng wikang Filipino sa mga ulo ng balita. Kung maari, nakita ng mananaliksik na mas mahalaga ang paggamit ng wikang Filipino sa halip ng wikang banyaga lalo't higit na ito naman ay may katumbas na salita. Ang paggamit ng mga ito sa ulo ng balita ay nagpapakita ng mas pormal na pagsusulat at nanghihiikayat ng pagkakabuklod gamit ang wikang Filipino.

Nais ding bigyang kongklusyon ng mananaliksik na ang mga alituntunin at glosaryo sa paglimbag ng mga ulo ng balita ayon sa varayti ng wika at panleksikal na aspeto na ito ay sumasalamain ayon sa mga nasaliksik na impormasyong nakapaloob sa mga e-tabloid na pahayagan. Binibigyang-linaw ng pag-aaral na ito na mabisang paraan din ang mga varayti at gamit ng wika sa paglinang ng pag-uulo ng wika o headlining.

REKOMENDASYON

Ang binuong mga mungkahi ng mananaliksik alinsunod sa mga resulta at diskusyon ng pag-aaral ay maaaring gamitin upang mas mapalawig pa ng mga manunulat at mga mag-aaral na mamamahayag ang paggamit ng varayti ng wika at mga leksikal na pahayag sa pagsusulat. Ito ay magandang pagkakataon upang mas mapalawig pa nila ang kanilang kakayahan sa pagsusulat.

Nais ding irekomenda ng mananaliksik na mas pag-igihan ang paggamit ng Purong Tagalog sa pagsusulat ng ulo ng balita. Ngayon na may pagkakaalam na ang mga mambabasa ng iba't bang hiram na salita, maaari silang makalimbag na mga ulo ng balitang nakatuon sa purong Tagalog bilang varayti ng wika. Dahil dito, mabibigyang pokus pa ang paghango ng mga teknik kung paano magagawan ng mas maigsi pero mas mainam na salita nang pagbabalita.

Nais ding irekomenda ng mananaliksik ang pagtingin sa varayti at gamit ng wika sa paglimbag ng iba pang bahagi ng diyaryo o pahayagang inilimbag gamit ang birtuwal na plataporma o napapanood sa telebisyon ng mga pahayagan. Maaari ding makita ang ibang anggulo na mas makatutulong sa pagpapalawig ng kaalaman patungkol sa pagsulat ng iba pang uri ng ulo ng balita.

TALASANGGUNIAN

Mga Aklat

- Abad, M. at Ruedas, P. (2018). Filipino Bilang Tanging Gamit sa Pagtuturo (Binagong Edisyon). NBS.
- Arrogante, Jose et al. (2018). Panitikang Filipino: Pampanahong Elektronikong (Binagong Edisyon). National Book Store.
- Ary, D., Jacobs, L., at Sorensen, C. (2018). Introduction to Research in Education. Wadsworth, Cengage Learning.
- Bergonia, D. (2022). Teknolohiya sa Gitna ng Pandemya Ni Dennis Bergonia. Retrieved from School Division of Meycauayan: <https://sdo-meycauayan.com/2020/08/27/teknolohiya-sa-gitna-ng-pandemya-ni-dennis-bergonia/>
- Creswell, J. 2019. Research Design: Qualitative, Quantitative and Mixed Methods Approaches. Sage Publications.
- Creswell J at Plano Clark V. (2019). Designing and conducting mixed method research. 2nd Sage; Thousand Oaks.
- De Guia, L. (2019, May 3). Pagwawasto ng Balita. Retrieved from Slide Share: <https://www.slideshare.net/LemarDeGuia1/pagwawasto-ng-sipi-at-pag-uulo-ng-balita>
- Ginete, L. (2019). Bararilang Filipino. Retrieved from Wordpress: <https://mchslmc.files.wordpress.com/2019/09/balarila-ng-wikang-pambansa.pdf>
- Halliday, M. (2007). Language and Education. Biddles Ltd.
- Hanks, P. (2019). Input, Process and Product: Developments in Teaching and Language Corpora. Masarykova Univerzita.
- Landayan, P. (2023). Heuristikong gamit ng wika. Retrieved from Brainly: <https://brainly.ph/question/685020>

- McCombs, M., Shaw, D. & Weaver, D. (2018). *Communication and Democracy*. Lawrence Erlbaum Associates, Publishers: London.
- Sapir, Edward. (2018). *Language (An Introduction to the Study of Speech)*. Harcourt, Brace and World, Inc.
- Sara, J. (2019). Instrumental na Gamit ng Wika. Retrieved from Brainly: <https://brainly.ph/question/759396>
- Travers (2018). *Qualitative Research through Case Studies*. London.
- Villafuerte, P. at Bernales, R. (2019). *Panitikan ng Pilipinas: Historikal at Antolohikal na Pagtalakay*. Mutya Publishing House.
- Weber, M. (2018) *The Methodology of the Social Sciences* (E. Shils and H. Finch, eds). Glencoe, ILL: Free Press.

MGA ARTIKULO

- Ahamad, J. K., & Jauhari, A. H. (2019). Student Performance in Michael Halliday's Seven Language Functions: Lesson Guides for Teaching/Learning English Discipline. *International Journal of Innovation, Creativity and Change*, 10(6), 57-75. chrome-extension://efaidnbmnnnibpcajpcglclefindmkaj/https://www.ijicc.net/images/vol10iss6/10615_Ahmad_2019_E_R.pdf
- Alonzo, Rosario I. (2018), "Mga Pag-aaral sa Varyasyon at Varayti ng Wika." *Papel na Binasa sa Pambansang Kumperensya ng Pambansang Samahan sa Wika*. U.P.
- Bastos, M. (2019). *Digital Journalism and Tabloid Journalism* (June 20, 2016). Routledge Companion to Digital Journalism Studies, Forthcoming.
- Constantino, Pamela C. 2018. "Varayti at Varyasyon ng Wika: Historya, Teorya at Praktika" nasa *Minanga, Sentro ng Wikang Filipino*, UP, Quezon City.
- Hanks, P. (2019). *Lexical Analysis: Norms and Exploitations*. Cambridge, MA: MIT Press.
- Kuldashev, A. M., & Kuldasheva, S. A. (2021). On the nature of changes in Germanic languages under the influence of the great migration of peoples. *ISJ Theoretical & Applied Science*, 04 (96), 3
- Lesada, J. (2017). *Taglish In Metro Manila: An Analysis of Tagalog-English Code-Switching*. University of Michigan.
- Liwanag, L. (2018). *Ang Pag-aaral ng Varayti at Varyasyon ng Wika: Hanguang Balon sa Pagtuturo sa Pananaliksik*. PNU-Manila.
- Rowe, D. (2011), 'Obituary for the newspaper? Tracking the tabloid', *Journalism*.
- Sibayan, B. (1999). *The Intellectualization of Filipino*. LSP-DLSU-M.
- Soriano, A. & Gochuico, J. (2019). Metaphorization of Banner Headlines in Selected Philippine Tabloids in English. *Academia Lasalliana Journal of Education and Humanities*, DLSU-Dasmariñas.
- Tudtod, Archie. 2020. "Barayti ng wikang Filipino sa balita o lathalaing panshowbiz sa mga pangunahing peryodiko" nasa *University of Perpetual Help System – GMA, Campus, Philippines*.
- Turner, G. (1999) *Tabloidization, Journalism and the Possibility of Critique*. *International Journal of Cultural Studies*.

MGA WEBSAYT

- Bethany, R. (2021). *Language Development/Acquisition- What are Halliday's seven functions of a child's language?* MyTutor. Retrieved January 27, 2024, from <https://www.mytutor.co.uk/answers/4533/A-Level/English-Language/Language-Development-Acquisition-What-are-Halliday-s-seven-functions-of-a-child-s-language/>
- Cabagsikan, J. 2018. "Modyul Sa Pagsulat NG Ulo NG Balita" na nakuha mula sa <https://www.scribd.com/document/459611876/Modyul-sa-Pagsulat-ng-ulo-ng-balita>
- Dela Tore, P. 2018, "Ang Teknolohiya at Responsableng Pamamahayag" na nakuha mula sa <http://dspcf3.blogspot.com/2012/10/ang-teknolohiya-at-responsableng.html>

- Espenida, E. at Villaflores, R. (2019). Effect of Internet Addiction on the Academic Performance of Junior and Senior High School Students of Mapanas Agro-Industrial High School. http://www.ijhssnet.com/journals/Vol_9_No_5_May_2019/14.pdf?fbclid=IwAR2GxETOWJrQx1dl5PRaNQf3DiQ1Enn3OFc-c4AAOE6W-CqlmskxR
- Federal Communications Commission. (2019, June 14). Mga Malaswa, Eskandaloso at Bastos na Broadcast. Federal Communications Commission. Retrieved January 26, 2024, from <https://www.fcc.gov/consumers/guides/mga-malaswa-eskandaloso-bastos-na-broadcast>
- Hurry, A., & Cheprasov, A. (2023, 21 November). Social & Cultural Functions of Language | Overview & Examples - Video & Lesson Transcript. Study.com. Retrieved January 27, 2024, from <https://study.com/academy/lesson/the-social-cultural-functions-of-language.html>
- Ilaio, R. (2016). Wika sa Pahayagan. group6komfili.wordpress.com/2016/11/14/wika-sa-pahayagan-by-raymund-ilaio/
- Kieng, Jigs. (2018). Content analysis. <https://prezi.com/-syjcrestqed/discourse-analysis-content-analysis-saliksik-arkibo-archi/>
- Lusterio, Genevieve. (2020). Ulo ng mga balita: Kahalagahan. <https://www.slideshare.net/jazzygen/pagwawasto-ng-kopya-at-pag-uulo-ng-balita-crhw>
- My Tutor. (2021). Language Development/Acquisition- What are Halliday's seven functions of a child's language? MyTutor. Retrieved January 27, 2024, from <https://www.mytutor.co.uk/answers/4533/A-Level/English-Language/Language-Development-Acquisition-What-are-Halliday-s-seven-functions-of-a-child-s-language/>
- Oxford References. (2023). Heuristic function. Oxford Reference. Retrieved January 27, 2024, from <https://www.oxfordreference.com/display/10.1093/oi/authority.20110803095934380>
- Primrowe. (2019, November 7). Pagakakaiba ng tabloid at broadsheet. Brainly.ph. Retrieved January 26, 2024, from <https://brainly.ph/question/2460299>
- Rusli, K.& Shahibi, M. (2019). The Influence of Internet Usage on Student's Academic Performance. <https://hrmars.com/papers/detail/IJARBSS/3301/The-Influence-of-Internet-Usage-on-Students-Academic-Performance>
- San Juan, D.M. (2018). Ang Wikang Filipino sa Media Ngayon. scribd.com/doc/102671690/Ang-Wikang-Filipino-Sa-Media-Ngayon
- Soegoto, E. S. & Tjokroadiponto, S. (2018). Effect of Internet on Student's Academic Performance and Social Life. https://www.researchgate.net/publication/327900097_Effect_of_Internet_on_Student's_Academic_Performance_and_Social_Life#39;s_Academic_Performance_and_Social_Life
- Study Smarter. (2020). Michael Halliday: Meaning, Functions, Theory, Examples. StudySmarter. Retrieved January 27, 2024, from <https://www.studysmarter.co.uk/explanations/english/language-acquisition/halliday/>
- Wrench, J. S., ., N. M., & Thweatt, K. S. (2022, May 18). 4.2: Functions of Language - Social Sci LibreTexts. LibreTexts Social Sciences. Retrieved January 27, 2024, from [https://socialsci.libretexts.org/Bookshelves/Communication/Interpersonal_Communication/Interpersonal_Communication_-_A_Mindful_Approach_to_Relationships_\(Wrench_et_al.\)/04%3A_Verbal_Elements_of_Communication/4.02%3A_Functions_of_Language](https://socialsci.libretexts.org/Bookshelves/Communication/Interpersonal_Communication/Interpersonal_Communication_-_A_Mindful_Approach_to_Relationships_(Wrench_et_al.)/04%3A_Verbal_Elements_of_Communication/4.02%3A_Functions_of_Language)

MGA TESIS ('Di Nalimbag)

- Maraya, Liezl F. (2018). "Glosaryo ng mga Katawagang Teknikal na Ginagamit ng mga Mag-aaral sa Basic Computer." Di Nalimbag na Natatanging Proyekto. Philippine Normal University.
- Torres-Rada, E. (2007). "Estilo ng Pagsasalin sa Wikang Filipino ng mga Teksbuk sa Araling Makabayan." San Beda College.